Ginagawang mas madali at secure ng programang Motor Voter ng California ang pagpaparehistro para makaboto sa Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV). Simula Abril 2018, ang mga kwalipikadong aplikanteng magsasagawa ng mga transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, identification (ID) card, o pagpapalit ng address ay irerehistro ng Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) ng California para makaboto maliban kung pipiliin nilang mag-opt out sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante.

### Tungkol Dito

Mula noong 1993, natulungan na ng Pambansang Batas sa Pagpaparehistro ng Botante, na karaniwang kilala bilang batas ng Motor Voter, ang milyon-milyong tao na magparehistro para makaboto o ma-update ang kanilang impormasyon ng botante habang nagsasagawa ng transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho o ID card sa Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (DMV) ng California.

Nalalapat ang programang Motor Voter ng California sa lahat ng taga-California na 18 taong gulang o mas matanda at nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- Isang mamamayan ng United States at residente ng California.
- Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya ng pagkakakulong mula sa estado o pederal na pamahalaan dahil sa hatol na pagkakasala sa krimen, (para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga taong nabilanggo, pakitingnan ang **Voting Rights: Persons with a Criminal History** ng Kalihim ng Estado), at
- Hindi kasalukuyang napagpasyahan ng hukuman na mentally incompetent para bumoto (para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang **Voting Rights: Persons Subject to Conservatorship**).

Available ang paunang pagpaparehistro para sa mga taga-California na 16 o 17 taong gulang. Awtomatiko silang irerehistro para makaboto kapag naging 18 taong gulang na sila. Bago bumisita sa field office ng DMV, inirerekomenda naming magpa-appointment ka muna. Maaari mo ring gamitin ang mga online na serbisyo ng DMV para i-renew ang iyong lisensya sa pagmamaneho o ID card, o palitan ang iyong address.

Kung isasaad mo na kwalipikado ka para makaboto, kapag nakumpleto mo na ang iyong transaksyon sa DMV online, sa pamamagitan ng koreo, o nang personal, ipapadala nang secure at sa electronic na paraan ang iyong impormasyon ng botante sa Kalihim ng Estado ng California. Kapag napagpasyahan na ang iyong pagiging kwalipikado para makaboto, irerehistro ka para makaboto.

Hindi kwalipikadong lumahok sa programang Motor Voter ng California at hindi kwalipikadong bumoto ang mga indibidwal na may AB 60 na lisensya sa pagmamaneho.

## FAQ tungkol sa Motor Voter

- **Ano ang Motor Voter?**

  Inaatasan ng pederal na batas ang Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (DMV) ng California na bigyan ng pagkakataon ang mga customer na makapagparehistro para makaboto kapag nagsasagawa sila ng transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho

(driver license, DL), identification (ID) card, o pagpapalit ng address.

Sa ilalim ng batas ng estado at ng programang Motor Voter ng California, awtomatikong irerehistro para makaboto ang mga customer ng DMV na magsasaad na kwalipikado sila para makaboto, maliban na lang kung mag-o-opt out sila habang isinasagawa ang kanilang transaksyon para sa DL/ID o pagpapalit ng address.

- **Paano ko malalaman kung kwalipikado akong magparehistro at makaboto?**

  Para maging kwalipikado para makaboto, ang isang indibidwal ay dapat:

  1. Isang mamamayan ng United States
  2. May address ng tirahan sa California
  3. Hindi bababa sa 18 taong gulang (o paunang magparehistro kung 16 o 17 taong gulang, ngunit dapat ay 18 taong gulang o mas matanda para makaboto sa Araw ng Halalan)
  4. Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya ng pagkakakulong mula sa estado o pederal na pamahalaan dahil sa hatol na pagkakasala sa krimen, at
  5. Hindi kasalukuyang napagpasyahan ng hukuman na mentally incompetent para bumoto

- **Paano ko malalaman kung mamamayan ako ng U.S.?**

  Kung matutugunan mo ang ilang partikular na kinakailangan, maaari kang maging mamamayan ng U.S. sa kapanganakan o pagkatapos ng kapanganakan. Para maging mamamayan sa kapanganakan, dapat ikaw ay:

  - Ipinanganak sa United States o sa ilang partikular na teritoryo o pag-aari sa labas ng United States, at napapailalim sa hurisdiksyon ng United States; o
  - May magulang o mga magulang na mamamayan na noong ipinanganak ka (kung ipinanganak ka sa ibang bansa) at nakakatugon sa iba pang kinakailangan

  Para maging mamamayan pagkatapos ng kapanganakan, dapat ikaw ay:

  - Mag-apply para sa “derived” o “acquired” **citizenship through parents**
  - **Apply for naturalization** sa pamamagitan ng Mga Serbisyo sa Customs at Imigrasyon ng United States

  Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang**https://www.uscis.gov/us-citizenship**. Kung hindi mo natutugunan ang mga nabanggit sa itaas, hindi ka isang mamamayan at hindi ka kwalipikadong magparehistro para makaboto.

- **Maaari bang magparehistro para makaboto ang mga hindi mamamayan?**

  Hindi.

- **Awtomatiko ba akong irerehistro para makaboto kapag nag-apply ako para sa, o ire-renew ko ang aking lisensya sa pagmamaneho?**

  Oo. Ang lahat ng *kwalipikadong* indibidwal na nagkukumpleto ng mga transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, ID card o pagpapalit ng address ay irerehistro ng Kalihim ng Estado para makaboto maliban na lang kung pipiliin nilang mag-opt out sa

awtomatikong pagpaparehistro ng botante.

- **Awtomatiko ba akong irerehistro para makaboto kapag kumumpleto ako ng iba pang transaksyon sa DMV?**

  Hindi. Sinasaklaw ng programang Motor Voter ng California ang mga transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, ID card, at pagpapalit ng address. Kung hindi ka nagsasagawa ng isa sa mga transaksyong ito, maaari ka pa ring magparehistro para makaboto online sa RegisterToVote.ca.gov.

- **Kung wala pa akong 18 taong gulang, irerehistro ba ako para makaboto kapag nag-apply ako para sa aking learner's permit?**

  Awtomatikong paunang irerehistro ang mga indibidwal na 16 hanggang 17 taong gulang na mag-a-apply para sa kanilang learner's permit na nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante, maliban na lang kung mag-o-opt out sila. Kung pauna kang magpaparehistro, awtomatiko kang irerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan.

- **Wala pa akong 18 taong gulang ngunit magiging kwalipikado ako para makaboto sa susunod na pambuong estadong halalan. Awtomatiko ba akong irerehistro para makaboto?**

  Oo. Paunang irerehistro para makaboto ang mga indibidwal na 16 hanggang 17 taong gulang na nagsasagawa ng transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho o ID card na nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante, maliban na lang kung pipiliin nilang mag-opt out. Kapag pauna ka nang nakapagparehistro para makaboto, awtomatiko kang irerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan.

- **Makakapili ba ako ng politikal na partido kapag awtomatiko akong nairehistro?**

  Oo. Makakapili ka ng iyong politikal na partido bilang bahagi ng awtomatikong pagpaparehistro. Makakapili ka rin ng iba pang kagustuhan sa pagboto, gaya ng kung gusto mong bumoto sa pamamagitan ng koreo o kung sa anong wika mo gustong matanggap ang iyong mga materyal sa halalan.

- **Ano ang mangyayari kung lilipat ako ng bahay, mananatili ba akong nakarehistro para makaboto?**

  Oo, ngunit irerehistro ka sa ilalim ng dating address at dapat mong palitan ang iyong address kung gusto mong bumoto sa bago mong address. Kung papalitan mo ang iyong address sa pamamagitan ng DMV, maa-update ang iyong record ng botante sa bago mong address. Gayunpaman, maaari mo ring i-update ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro sa RegisterToVote.ca.gov, o maaari kang gumamit ng papel na aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante na makukuha sa opisina ng halalan o aklatan ng iyong county, o sa isang U.S. Post Office.

- **Makakatanggap ba ako ng kumpirmasyon na nakarehistro na ako para bumoto?**

  Pagkatapos iproseso ng DMV ang iyong transaksyon, makakatanggap ka ng notification card ng botante sa loob ng apat na linggo mula sa opisyal ng halalan ng iyong county o sa Kalihim ng Estado. Kung hindi mo matatanggap ang notification card sa yugto ng

panahong iyon, dapat kang makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan ng iyong county o bumisita sa VoterStatus.sos.ca.gov.

- **Paano ko malalaman kung nakarehistro na ako para makaboto?**

  Bisitahin ang https://voterstatus.sos.ca.gov/ para ma-verify ang status ng iyong pagpaparehistro ng botante. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa opisina ng halalan ng iyong county. Hanapin ang pinakamalapit na opisina ng halalan ng iyong county sa pamamagitan ng pagbisita sa: https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices

- **Paano kung ayaw kong magparehistro para makaboto?**

  Kung matutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante, ngunit *ayaw* mong magparehistro para makaboto, maaari kang mag-opt out sa awtomatikong pagpaparehistro para makaboto.

- **Kapag nagparehistro ako para makaboto, mas malamang ba na matatawag ako para sa tungkulin sa hukuman?**

  Hindi naman, gayunpaman, binibigyan ng DMV ang komisyonado ng hukuman ng napapanahong listahan ng mga may hawak ng lisensya sa pagmamaneho at ID card na 18 taong gulang o mas matanda. Random na pinipili ang lahat ng taong tatawagin para sa mga serbisyo sa hukuman, at maaaring kabilang sa mga mapagkukunan ang mga mailing list ng customer, direktoryo ng telepono, o listahan ng mga kumpanya ng utility.

- **Paano ako mag-o-opt out?**

  Kapag nagsasagawa ka ng transaksyon sa DMV para sa lisensya sa pagmamaneho DL/ID o pagpapalit ng address, tatanungin ka kung natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante. Kung isasaad mo na kwalipikado ka, bibigyan ka ng opsyong mag-opt out sa pagpaparehistro ng botante.

- **Kung mag-o-opt out ako, ipapadala pa rin ba ng DMV ang impormasyon ko sa Kalihim ng Estado?**

  Inaatasan ng batas ng estado ang DMV na magpadala ng impormasyon tungkol sa lahat ng kwalipikadong aplikante sa Kalihim ng Estado. Magpapadala ang Kalihim ng Estado ng postcard sa lahat ng kwalipikadong botante na pipiliing mag-opt out bilang paalala tungkol sa pagpaparehistro para makaboto. Hindi na makikipag-ugnayan sa iyo ang Kalihim ng Estado maliban na lang kung magpapasya kang magparehistro para makaboto o kung may isa ka pang kwalipikadong transaksyon sa DMV.

- **Kung isasaad ko na hindi ako kwalipikado para makaboto, ipapadala pa rin ba ng DMV ang impormasyon ko sa Kalihim ng Estado?**

  Hindi. *Hindi* ipapadala ng DMV ang iyong impormasyon sa Kalihim ng Estado kung isasaad mong hindi ka kwalipikado para makaboto.

- **Kung aksidente akong nakapagparehistro para makaboto, at hindi ko ito gusto, maaari ko ba itong kanselahin?**

  Oo. Maaari mong punan ang form para sa pagkansela ng kahilingan, https://elections.cdn.sos.ca.gov/pdfs/cancellation-request-form.pdf, at ibalik ito sa opisyal ng halalan ng iyong county at makakansela ang iyong pagpaparehistro. Maaari

kang makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan ng iyong county kung mayroon ka pang mga tanong.

- **Paano matitiyak ng sistema ng DMV na mga mamamayan lang ng U.S. ang nakarehistro para makaboto?**

  Para maging kwalipikado para makaboto, dapat ikaw ay mamamayan ng U.S. at residente ng California, 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan, hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya ng pagkakakulong mula sa estado o pederal na pamahalaan dahil sa hatol na pagkakasala sa krimen, at hindi kasalukuyang napagpasyahan ng hukuman na mentally incompetent para bumoto.

  Pinagbabawalan ng batas ng estado ang DMV na magpadala ng impormasyon para sa mga aplikante ng AB 60 (mga hindi nakadokumentong aplikante para sa lisensya sa pagmamaneho) sa Kalihim ng Estado. Para sa iba pang aplikante, inaatasan ng batas ng estado ang bawat tao na ihayag, sa ilalim ng parusa sa panunumpa nang walang katotohanan, na natutugunan nila ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante, kabilang ang pagiging mamamayan.

- **Maaari bang magparehistro para makaboto ang mga taong nagkasala sa batas?**

  Hindi kwalipikadong magparehistro para makaboto ang isang taong kasalukuyang nagbubuno ng sentensya ng pagkakakulong mula sa estado o pederal na pamahalaan dahil sa hatol na pagkakasala sa krimen (para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga taong nabilanggo, pakitingnan ang Voting Rights: Persons with a Criminal History ng KKalihim ng Estado)

- **Ano ang gagawin ng DMV at ng Kalihim ng Estado sa aking impormasyon sa pagpapaparehistro ng botante?**

  Inaatasan ng batas ng estado ang DMV na magsumite ng impormasyon tungkol sa lahat ng kwalipikadong aplikante para sa lisensya sa pagmamaneho at ID sa Kalihim ng Estado para maproseso ang iyong pagpapaparehistro ng botante, o kung pipiliin mong mag-opt out sa pagpaparehistro ng botante, para makapagpadala ng paalala tungkol sa pagpaparehistro para makaboto. Kung hindi kumpleto ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro ng botante, magfa-follow up sa iyo ang Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng koreo. Kapag naproseso at natanggap na ang iyong pagpaparehistro ng botante, ibabahagi ang impormasyon mo sa opisyal ng halalan ng iyong county. Magiging kwalipikado kang bumoto sa mga lokal na halalan, halalan ng county, at pambuong estado at pederal na halalan.

- **Nasaan ang field office ng DMV na pinakamalapit sa akin?**

  Maaari mong hanapin ang field office na pinakamalapit sa iyo sa **www.dmv.ca.gov**. May opsyon na Field Office Finder sa harap ng homepage

**Pampublikong Anunsyo ng Serbisyo tungkol sa Motor Voter**

Ginagawang mas madali ng Programang Motor Voter ng California ang pagpaparehistro para makaboto sa DMV.

Ngayon, ang lahat ng kwalipikadong aplikanteng nagsasagawa ng mga transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, ID, o pagpapalit ng address sa DMV ay irerehistro ng Kalihim ng Estado ng California para makaboto, maliban na lang kung pipiliin nilang mag-opt out.

Available rin ang paunang pagpaparehistro para sa mga kwalipikadong taga-California na

16 o 17 taong gulang. Matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa MotorVoter.sos.ca.gov

**One-Page Flyer:**

Kung kwalipikado ka, awtomatiko kang irerehistro para makaboto sa DMV kapag:

- Nag-apply ka para sa lisensya sa pagmamaneho o ID card
- Nag-renew ka ng lisensya sa pagmamaneho o ID card
- Pinalitan mo ang iyong address

Maliban na lang kung mag-o-opt out ka. Kabilang dito ang paunang pagpaparehistro para sa mga kwalipikadong 16 at 17 taong gulang. Matuto pa tungkol sa programang Motor Voter ng California at sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng botante sa: https://www.sos.ca.gov/elections/california-motor-voter